

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa ebanghelyo na ibinigay maging sa atin na hindi mga Judio. Ipanalangin na mapahalagahan mo ang Kanyang ebanghelyo araw-araw.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na makita ang lahat ng tao gamit ang paningin na may pananampalataya upang maging mas mabunga ang pagtulong mo sa iba.
- Ipanalangin na habang ipinangaral mo ang ebanghelyo, ang iyong buhay ay maging patotoo ng kabutihan ng Diyos sa mga nakapalibot sa iyo. Hingin ang mga pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo sa iyong pamilya at mga kaibigan.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

## WARM-UP

- Ibahagi mo sa amin ang gawaing bahay na pinakagusto mong gawin. Bakit mo ito gustong gawin?
- Mayroon ka bang mga likas na kakayahan? Anu-ano ang mga ito?
- Ano sa palagay mo ang bokasyon mo sa buhay? Bakit mo ito naisip?

## WORD

*Ito na ang plano niya sa simula pa lang, at natupad niya ito sa pamamagitan ni Cristo Jesus na Panginoon natin. **MGA TAGA-EFESO 3:11***

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 3:1-10.**)

Sa kabuuan ng Bibliya, makikita natin ang plano at pangako ng Diyos na tubusin ang Kanyang mamamayan. Ayon sa kaugalian, ang piniling mamamayan ng Diyos ay ang mga Judio, kung saan kabilang si Apostol Pablo. Subalit dahil sa sakripisyo ni Jesus, maging ang hindi Judio ay naligtas at nagkaroon ng daan upang mapabilang sa piniling mamamayan ng Diyos. Sa liham ni Pablo sa Mga Taga-Efeso, makikita natin na naintindihan ni Pablo ang dapat gampanan ng mga mamamayan ng Diyos sa plano ng Diyos na kaligtasan para sa buong sambayanan: ang ipangaral ang ebanghelyo.

## 1 Itinalaga ng Diyos ang ebanghelyo para sa lahat.

*At ito nga ang plano ng Diyos: na sa pamamagitan ng Magandang Balita, ang mga hindi Judio ay tatanggap ng mga pangako ng Diyos kasama ng mga Judio, at magiging bahagi rin sila ng iisang katawan dahil sa pakikipag-isa nila kay Cristo Jesus. MGA TAGA-EFESO 3:6*

Ibinahagi ni Pablo sa mga Taga-Efeso ang isang kaalaman na hindi karaniwan: ang mga hindi Judio ay kapwa tagapagmana, bahagi ng isang katawan, at kalahok sa pangako ni Cristo sa pamamagitan ng ebanghelyo. Ang kaligtasan na plano ng Diyos, at isinakatuparan ni Jesus, ay hindi lamang para sa mga Judio, kundi para rin sa mga hindi Judio. Si Jesus ay namatay at muling nabuhay upang tayong lahat ay mamuhay sa Kanya, maging kabilang ng Kanyang pamilya, at makatanggap ng mga pangakong ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan (Mga Taga-Roma 6:10). Paano nagbago ang paraan mo ng pamumuhay matapos mong tanggapin ang ebanghelyo?

---

---

## 2 Tinatawag tayo ng Diyos upang ipangaral ang ebanghelyo sa lahat.

*. . . ipinagkaloob pa rin sa akin ng Diyos ang pribilehiyong ipangaral sa mga hindi Judio ang hindi masukat na biyayang galing kay Cristo . . . MGA TAGA-EFESO 3:8*

Malinaw kay Pablo ang tungkulin niya sa plano ng Diyos na kaligtasan para sa sangkatauhan: ang ipangaral ang ebanghelyo sa mga hindi Judio. Subalit hindi lamang siya ang tinawag para dito, kundi tayo rin. Bago Siya umakyat sa langit, inutusan ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod na *humayo sa at ipangaral ang Magandang Balita sa lahat ng tao* (Marcos 16:15). Hindi tayo tinawag ng Diyos upang ipangaral ang Kanyang ebanghelyo dahil magaling tayo magsalita o marami tayong alam. Ibinigay ng Diyos sa atin ang Kanyang biyaya upang maipangaral ang *hindi masukat na biyayang galing kay Cristo* at ang plano ng Diyos. Ikuwento ang isang pagkakataon kung kailan naipangaral mo ang ebanghelyo habang umaasa ka sa kakayahan ng Diyos.

---

---

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na itinalaga ng Diyos ang ebanghelyo para sa iyo? Gusto mo bang tanggapin si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas at makibahagi din sa pangako ng Diyos?
- Paano nakatulong ang patawag sa iyo ng Diyos na ipangaral ang ebanghelyo sa lahat sa paghubog ng iyong pananaw sa iyong sarili at sa ibang tao? Paano ka lalago sa kagustuhan mo na ipangaral ang ebanghelyo araw-araw?
- Sino sa mga kapamilya at kaibigan mo ang kailangang makarinig ng ebanghelyo? Paano mo maibabahagi ang dakilang plano ng Diyos sa kanila ngayong linggo?